

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG

Miyerkules, Mayo 22, 2024

MAKIPAG-UGNAYAN KAY:

Karina Rivera, Alameda Alliance for Health

510-499-3419

krivera@alamedaalliance.org



ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, INANUNSYO ANG BAGONG MIYEMBRO NG LUPON

Wendy, Peterson itinalaga sa Katungkulan sa Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta.

Alameda, CA – Inanunsyo ngayong araw ng Alameda Alliance for Health (Alliance), ang lokal na planong pangkalusugan na nagbibigay ng access sa mga serbisyo sa kalusugan para sa mahigit 400,000 residente ng County ng Alameda, na itinalaga si Gng. Wendy Peterson sa Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance. Ang lupon ay ang nangangasiwang grupo ng Alliance at binubuo ng 19 na miyembro ng lupon na kumakatawan ng mga partikular na grupo ng stakeholder kasama ang mga doktor, klinika ng kalusugan sa komunidad, lokal na ospital, at iba pang partner sa kalusugan ng County ng Alameda.

Noong nakaraang taglagas, ang Lupon ng Mga Supervisor ng County ng Alameda ay may pinagtibay na ordinansang nagdaragdag ng apat na karagdagang seat sa Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, kasama ang isang seat sa pagiging eksperto sa isang paksa na kakatawan sa Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta – na pinaglilingkuran ngayon ni Gng. Peterson.

“Makakapagbigay si Gng. Peterson, na may halos tatlong dekadang karanasan sa pagsusulong ng mga serbisyo para sa mga nakatatanda, ng lubos na kinakailangang pananaw a patakaran sa pagtanda sa ating Lupon ng Mga Gobernador,” sabi ni Matthew Woodruff, ang CEO ng Alliance. “Ang lawak ng kanyang kaalaman ay lubos na makakatulong sa Alliance at sa ating mga tumatandang miyembro.”

Si Gng. Peterson ang Director ng Senior Services Coalition ng County ng Alameda, na kumakatawan sa mga provider ng mga serbisyo sa kalusugan at pansuportang serbisyo sa mga nakatatanda sa buong county. Nagsusulong ang Coalition at ang mga miyembro nito ng pagbabago sa patakaran at collaborative na inisyatiba para mapaginhawa ang mga buhay ng mga nakatatanda at ng kanilang mga pamilya. Sa pangkalahata, naglilingkod ang mga miyembro ng Coalition sa mahigit 90,000 nakatatanda. Naglilingkod si Gng. Peterson sa namumunong team para sa Council for Age-Friendly Communities ng County ng Alameda, at tumulong siyang

gawin ang Pambuong-County na Plano noong 2016 at 2020 at isulong ang resolution ng Lupon na nagtatalaga sa County ng Alameda bilang County na Bukas sa Lahat ng Edad. Nagseserbisyo rin siya sa iba't ibang lupon ng organisasyon na naglilingkod sa mga nakatatanda sa County ng Alameda.

“Nagagalak akong maging bahagi ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance at hindi na ako makapaghintay na makipagtulungan sa aking mga katrabaho na maglingkod sa mga diverse na komunidad na bumubuo sa County ng Alameda,” sabi ni Gng. Peterson, ang kakatalaga lang na Miyembro ng Lupon ng Alliance.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa <http://alamedaalliance.org/>.

###

Tungkol sa Alameda Alliance for Health

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Ang Alliance, na itinatag noong 1996, ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Ipinapakita ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 400,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).